POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

# Mycoplasma Genitalium

Ang mycoplasma genitalium (M. gen) ay isang impeksyon na nakukuha sa pakikipagtalik na maaaring maipasa mula sa isang tao patungo sa isa pa habang nakikipagtalik. Ang M. gen ay nakakahawa sa urethra (sa mga tao na may penis) at sa cervix (sa mga tao na may vagina). Sa ngayon, wala kaming masyadong alam tungkol sa mga impeksyon sa M. gen sa tumbong at lalamunan.

## *Paano ako maaaring magkaroon ng M. gen?*

Ang M. gen ay kumakalat sa panahon ng vaginal, anal, at malamang oral sex.

## *Ano ang dapat kong hanapin?*

**Mga tao na may vagina**:

- Vaginal discharge
- Hindi pangkaraniwang pagdurugo ng vagina o pagdurugo pagkatapos ng pagtatalik
- Napapaso o nananakit sa pag-ihi
- Pananakit ng ibabang bahagi ng tiyan o pananakit habang nakikipagtalik

**Mga tao na may penis**:

- Napapaso o pananakit sa loob ng penis sa pag-ihi
- Pananakit o pangangati sa ulo ng penis
- Discharge mula sa penis
- Pananakit, pagkalambot, o pamamaga ng (mga) testicle

Bagamat alam natin na ang mga tao na walang sintomas ay maaaring magdala ng M. gen, hindi katulad ng gonorrhea o chlamydia, walang kasalukuyang ebidensiya na magrerekomenda ng pagsusuri sa mga tao na walang sintomas. Dahilan dito, sinusuri lamang ng City Clinic ang mga tao na may sintomas o mga partner ng mga tao na nasuri na may M. gen.

## *Malubha ba ang M. gen?*

Maaari itong maging malubha! Ang M. gen ay maaaring magdulot ng malubhang impeksyon sa mga testicle (balls). Sa mga tao na may vagina, maaaring humantong ang M. gen sa isang malubhang impeksyon na tinatawag na pelvic inflammatory disease (PID). Maaaring mapinsala ng PID ang mga fallopian tube at mas malamang na maging “tubal pregnancy” (sa labas ng matris), na maaaring nakamamatay. Ang PID ay maaari ding humantong sa pagkabaog—ang kawalan ng kakayahang mabuntis.

## *Paano ginagamot ang M. gen?*

- Ang M. gen ay ginagamot ng mga antibiotic. Ang rekomendadong paggamot para sa M. gen ay 7 araw ng doxycycline dalawang beses sa isang araw, na sinusundan kaagad ng 7 araw ng moxifloxacin isang beses sa isang araw. Mahalagang inumin ang <u>lahat</u> ng pildoras na ibinigay sa iyo, kahit na bumuti na ang iyong pakiramdam bago maubos ang lahat ng ito.

- Hindi kami nagbibigay ng mga partner pack para sa M. gen. Ang iyong mga sex partner ay dapat masuri para sa M. gen at magamot kung positibo ang pagsusuri sa kanila. Kung hindi, maaari nilang maibalik ang impeksyon sa iyo o makahawa sa iba.
- Huwag makipagtalik hanggang sa makumpleto mo ang paggamot at lahat ng sintomas ay nalunasan.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon o pagkalat ng M. gen?*

- Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.
- Huwag makipagtalik kung ikaw o ang isang sexual partner ay may abnormal na discharge, napapaso sa pag-ihi, o anumang iba pang sintomas na maaaring sanhi ng STI.

**Para sa higit pang imporasyon:**
Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)
www.cdc.gov/std/
www.sfcityclinic.org
www.sfsi.org/

**Teens**
www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen (mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org

Para sa STI check-up o paggamot, makipagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org